

# 1

Sabi sa kanya ng Lolo Juan niya noong nabubuhay pa ito, pag iniligtas daw ng ibang tao ang buhay mo, habang-buhay kang tatanaw ng utang-na-loob sa taong iyon. Dahil mula sa araw na iyon na nadaya mo si Kamatayan, pag-aari na ng taong nagligtas sa iyo ang buhay mo.

“Bullshit!” matiim na mura ni Jedi nang maalala ang bilin na iyon sa kanya ng abuelo. Kung bakit naniwala pa siya sa matandang iyon. Heto at mahigit labing-isang taon na rin siyang nagdurusa dahil doon.

He was supposed to go on a date with Stephanie, ang matagal na niyang crush mula high school. Pero nag-text sa kanya ang kababatang si Iwa, nagpapasundo sa palengke.

Inis siyang nagmaneho patungo sa *Pamilihang Bayan ng Alava*. Pagdating niya sa spot na sinabi sa kanya ng babae kung saan niya ito susunduin ay padarag siyang lumabas ng sasakyan.

“Wala ka bang pamasaha?” banas niyang tanong nang makalapit dito.

“Mag-te-text ba naman ako sa ’yo kung meron?”

balik-tanong nito. “Ang mamahal na ng bilingin, eh. Heto nga’t kokonti ang nabili ng five hundred pesos ko!” maktol pa nito, kandatulis ang nguso.

Binuksan niya ang trunk ng kanyang pulang *Ford Explorer* at inilagay roon ang mga pinamili ng dalaga. Sumakay naman ito sa passenger seat.

“Bakit di ka na lang sumakay ng tricycle at nagpahatid sa bahay n’yo saka mo bayaran doon?” Gusto niyang kutusan ang sarili. Bakit hindi niya na lang binigyan si Iwa ng pera para pamasahé pauwi?

*Idiot!*

Humalukipkip ito at umarangkada na ang bibig. “Bakit ba ang dami mong reklamo? Nakalimutan mo na ba ang araw kung paano ko iniligtas ang buhay mo noong nasa third year high school tayo? Aba, nabasa pa lahat ng books at kuwaderno ko, ah! Itinaya ko ang sarili kong buhay para maligtas ka lang. ’Tapos ngayon, simpleng pagsundo lang sa akin sa palengke, parang napakabigat nang pasanin sa ’yo.”

Of course, ang usual banat lines nito sa kanya!

Tandang-tanda ni Jedi ang araw na iyon. Pauwi na siya galing paglalaro ng basketball, sakay ng kanyang bike. Dahil baku-bako ang daan pauwi sa kanilang bahay, napatalon nang di-oras ang kanyang

bisikleta. Tumalbog ang bola mula sa front basket carrier ng bike, gumulong palayo, patungo sa ilog.

Kung bakit tinangka pa rin niyang habulin ang bola.

He didn't think the water could be that deep. Huli na nang matanto niyang hindi na lang sa baywang niya ang lalim ng tubig kundi lampas-ulo na. Mabuti na lang at nasa stagnant part siya ng ilog at hindi siya tinangay ng agos. Nag-umalpas siya, tinangkang lumangoy, ngunit hindi niya kinaya.

Masuwerte si Jedi at napadaan doon noong hapong iyon si Liwayway Ignacio, na late umuwi galing school dahil tumulong pa ito sa pagsisinop sa cafeteria kung saan ito working student. Hindi ito nagdalawang-isip para tulungan siya nang nakita siya nito sa tubig at nalulunod na. Nag-dive ito roon na suot-suot pa ang backpack.

Pagkatapos ng insidenteng iyon ay kumuha siya ng swimming lesson habang summer vacation. Sa trauma sa nangyari, hindi na niya mapapayagang maulit pa iyon sa kanya. At mas lalong hindi na niya mapapayagang isang babae pa ang sasagip sa kanya sa pagkalunod. What a shame!

“Okay, okay!” pagsuko niya.

Lagi na lang ay ganito ang naririnig ni Jedi galing sa bibig ng babaeng ito pag nagrereklamo siya tungkol sa favors na hinihingi nito. Kung bakit hindi na lang tinanggap ng pamilya nito ang offer na reward sa kanila noon ng papa niya!

Maprinsipyo ang nanay ni Iwa. Hindi nito tinanggap ang malaking halaga ng perang inaalok noon ng kanyang ama. Katuwiran nito ay ginawa lamang daw ng anak nito ang nararapat sa mga oras na iyon.

Hustong itinigil niya ang SUV sa tapat ng bahay ni Iwa nang mag-ring ang kanyang cellphone. Si Stephanie ang tumatawag. Naiinip na ito sa paghihintay.

“I’ll be there,” natatarantang sabi niya sa babae. “Something just came up and—” Pinatayan siya nito ng telepono. Napakumpas ang isang kamay niya sa ere. “Great!” Matalim niyang sinulyapan si Iwa.

“O, bakit?” painosente nitong tanong.

“Nagalit sa akin ang babaeng ka-date ko sana sa araw na ito,” gigil niyang sagot.

“O, ano’ng kasalanan ko doon? Bakit parang lalamunin mo ako kung makatingin ka sa akin?”

“Don’t you get it, Liwayway? Sinira mo’ng date ko! Antagal ko nang gustong i-date si Stephanie and now you just ruined my only chance!”

“Si Stephanie Noveno?” parang di-makapaniwalang

tanong nito. “Hanggang ngayon, pinapantasya mo pa rin ang babaeng iyon? High school pa lang tayo noong magka-crush ka doon, ah!”

Noong nasa high school pa lang sila ay matindi na ang tama niya sa babae. Halos magpapadyak nga siya noon sa sama ng loob dahil naunsiyami ang pagiging escort niya rito sa kanilang JS Prom. Paano kasi, umeksena si Iwa! Ni-request nito sa kanya na siya na lang ang maging partner nito. Ginawa ulit nito iyon noong seniors sila.

Dahil naniniwala siya noon na masyado pa siyang bata para manligaw, hinintay niya munang magtapos sila ng high school saka sana maniningalang-pugad kay Stephanie. Pero akalain ba niyang may naunang nakasungkit na pala sa matamis na ‘oo’ nito! Bokya. Ang tagal pa naman niyang nag-practice ng mga ibabanat niyang dialogues sa panliligaw rito.

Matagal din ang naging relasyon ni Stephanie sa boyfriend nitong iyon. Balita niya ay on-off ang

relasyon ng mga ito. At mali na kung mali, pero lihim niyang ipinagdasal na sana ay tuluyan nang maghiwalay ang dalawa para magkaroon na siya ng chance sa dalaga.

At pinakinggan ang panalangin niya! Pero ngayong totally break na sila ng nobyo nito at pumayag itong makipag-date sa kanya ay sinira naman ng buwisit na Iwa na ito ang diskarte niya!

“This is all your fault!” gigil na paninisi niya.

“Uy, huwag kang manisi diyan, ha? Hindi mo sinabi sa akin na may date ka ngayon!” Lumabas na ito ng sasakyan.

Parang gusto na tuloy niyang magsisi kung bakit siya nito iniligtas sa pagkalunod noon.

Mula nang makasaysayang araw na iyon ay hindi na siya tinigilan ni Iwa sa paghingi ng kung anu-anong pabor. Mula sa paggawa ng assignment sa Math, hanggang sa pagiging partner nito sa prom ay hindi niya nagawang mahindian ang babae. Laging ipinapamukha nito na kakaunting mga pabor lang daw ang hinihingi nito compared doon sa pagliligtas nito sa kanyang buhay.

Nakahinga lang siya nang kaunti nang sa Manila siya mag-aral ng kolehiyo. Pero kung nauuwi siya sa

Alava pag semestral break at summer vacation ay sige pa rin ito sa 'pang-aabuso' sa kanya. Naroong magpasama ito sa Divisoria para mamili ng mga kung anu-anong abubot na ipinapautang nito sa mga kapitbahay, gawin siyang libreng ride kung gusto nitong ipasyal ang pamilya sa Baguio o Subic...

She was starting to piss him off! Pero hindi niya naman ito mahindian. Dahil bago pa bumuka ang bibig niya para magprotesta ay katakot-takot na mahabang litanya ang mabilis na lumalabas sa bibig nito, ipinapaalala ang araw na iniligtas siya nito sa ilog.

At ngayong isa na siyang optometrist, bumalik siya sa Alava at pumirmi roon. Nagpatayo siya ng optical clinic/store sa downtown, ang *Crystal Vision*. At mas marami na namang chances si Iwa na mang-abuso sa kanya. How he'd wish he could just offer her a large sum of money to shut her mouth off and leave him alone. Pero kakaunti pa ang laman ng kanyang kaban ng kayamanan sa ngayon. Malaking halaga kasi ang nagastos niya sa ipinagawang bahay. His dream house. Ayaw naman niyang habang-buhay na lang na titira sa bahay ng kanyang mga magulang dahil doon balak mag-retire ng mga ito balang araw.

Siguro, nasa kapalaran na niya ang patuloy

nitong abusuhin.

---

Napabuga ng hangin at napailing-iling si Iwa habang inilalabas mula sa plastic bags ang mga pinamili sa palengke.

Ganito na ba kababa ang halaga ng piso ngayon? Halos walang nabili ang five hundred pesos na natira mula sa sahod niya sa munisipyo bilang clerk sa Treasury Office. Sa kagustuhang makabili ng isang kilo ng karne ng baboy ay nawalan siya ng pamasahе pauwi at kinailangang konsyensyahin na naman niya si Jedi.

Nahahapong napaupo siya sa harap ng mesa at nagkuwenta sa utak kung bakit lilimang daang piso lamang ang natira sa kanyang sahod. Saan ba napunta ang suweldo niya noong a-quince? Allowance at pinambili ng books ng kanyang kapatid na si Uni sa kolehiyo at pinambayad niya sa kanyang due sa pag-di-direct selling ng *Natasha* at *Avon*. Doon pa lang, halos ubos na ang pera niya. Kailangan na naman niyang kumuha ng mga barya sa kanyang coin jar para sa pamasahе sa tricycle papuntang trabaho. Buti na lang at kapamilya niya ang mga cooks sa cafeteria ng munisipyo—ang ina niyang si Nanay Flora at ang kapatid nitong si Tiya Aurelia—kaya nalilibre siya sa



pagkain doon.

Naaawa na rin siya sa dalawang babae. Wala nang ginawa ang mga ito sa buhay kundi magluto. Magaling ang mga ito sa kusina. Ang ina niya noon ay nagsilbi sa isang mayamang pamilya bilang tagaluto, tumigil lang ito nang nagpakasal sa kanyang namayapang ama. Isang tenant farmer noon ang kanyang tatay, tinamaan ng kidlat at namatay sa gitna ng bukid habang nag-aararo sa gitna ng ulan. She was only twelve years old that time.

Kung minsan, hindi niya mawari kung paano sila itinaguyod na magkapatid ng kanilang ina sa kakarampot na sahod nito sa cafeteria. Buti na lang at nakakuha siya ng scholarship sa universidad sa kalapit nilang bayan at nakapagtapos siya ng kursong Commerce. Para magkaroon ng extra na pera, nagbebenta rin si Iwa noon ng kung anu-ano sa kanyang mga kapitbahay at classmates—mga murang damit at accessories mula sa Divisoria. Nang graduate na siya sa college at napasok sa munisipyo, naging mas sosyal na nang kaunti ang sideline niya, naging direct seller na siya ng *Natasha* at *Avon* na nagpapasakit naman ng kanyang ulo dahil sa mga barat niyang pinapautangan.

Gusto na sana niyang tumigil ang kanyang ina sa

pagtatrabaho ngunit realistic lang siyang tao, kulang ang sahod niya para suportahan silang tatlo. Lalo pa ngayon at nagsitaasan na ang presyo ng lahat—kuryente, pamasaha, bigas, asukal...

*Naknamputsa!*

Salawal na nga lang yata talaga ang bumababa sa panahon ngayon!

Ngunit kahit pigilan niya ang ina sa pagtatrabaho ay tiyak na aayaw ito. In fact, pinapangarap pa rin nitong magkaroon ng sariling karinderya balang araw, kasama ang Tiya Aurelia niya.

Come to think of it, kung maipagtatayo ni Iwa ng restaurant ang ina—na siyang gusto niya—ay gaganda ang kinabukasan ng pamilya niya, hindi lang silang tatlong mag-iina kundi pati na ang pamilya ni Tiya Aurelia. Makakapag-aral na rin sa kolehiyo ang tatlong anak nitong labas-masok sa mga saring-saring trabaho.

Pero paano niya gagawin iyon? Malaking pera ang kakailanganin para maisakatuparan ang pangarap na iyon. Puwede siguro siyang makapag-loan, pero kulang pa rin tiyak ang makukuha niyang pera.

Ano kaya kung mag-abroad siya?

Yes! Nasa Taiwan ang isa niyang kaibigan noon sa high school, si Irma. Isa itong factory worker sa isang malaking electronics company roon at malaki ang sahod na tinatanggap nito. Sahod na niya yata ng six months ang isang buwang sahod nito roon! Ngunit malaki rin tiyak ang placement fee na kakailanganin niya. Isinanla nga ni Irma ang pag-aaring bukid ng pamilya nito para makarating lang ng Taiwan.

Siya, ano ang puwede niyang isanla? Ang kanyang kaluluwa?

Natawa tuloy si Iwa. Katawan sana ang isasanla niya, pero sino naman ang papatol sa korteng *Coca Cola* in can na katawan niya?

*Excuse me, 'no!*

Virgin pa yata siya. Never been kissed, never been touched pa siya in her almost twenty-five years of existence in the face of the earth. Hindi niya lang pinagkaabalahan ang pagkakaroon ng lalaki sa buhay niya kahit marami-rami rin ang nagtangkang manligaw sa kanya. Okay, chubby na kung chubby pero maganda naman ang mukha niya kahit paano.

Aba, mahal din siguro ang presyo kung ibebenta niya ang kanyang puri!

*Gaga! Anong puri ka diyan?*

*Kisses And Yellow Roses - Yumi Sagara*

---

Mas gusto ng mga lalaki ngayon ang mga babaeng expert sa sex. Ano ang alam niya roon? Baka sipain lang siya palabas ng bintana ng lalaking pagbebentahan niya ng katawan at mag-demand ng money back.

## 2

*This is it!* bulalas ni Iwa sa loob-loob. Naka-loan siya sa isang lending company sa tulong ni Jedi na nagsilbing guarantor/co-maker niya. Makakapag-abroad na rin siya. Two years niyang babayaran ang interes ng inutang, saka niya iyon babayaran nang buo. Tamang-tama, sa panahong iyon, malaki na ang magiging ipon niya. Four years na walang uwian ang kontratang pinirmahan niya sa pagtatrabaho sa Taiwan.

Naririto sila sa isang restaurant, ililibre niya ito ng lunch bilang pasasalamat sa pabor na ginawa nito sa kanya.

“Hindi ba parang degrading na iiwan mo ang government job para maging factory worker sa Taiwan?” pakli ni Jedi sa gitna ng pagkain.

“Ano naman ang degrading doon? Marangal pa rin namang hanapbuhay iyon, mas malaki pa ang kita.”

Palibhasa kasi, hindi nagpunta ng Amerika si Jedi kagaya ng mga magulang nitong kapwa doctors. Katuwiran nito, mas gusto nitong makinabang ang

mga kababayan sa napag-aralan nito. Well, easy for him to say! Paano, may-kaya na kasi ang pamilya nito. Hindi nito alam ang pakiramdam kung paano mamroblema sa pera.

Pero ayaw na niyang makipag-argumento sa lalaki. After all, tinulungan siya nitong makakuha ng loan.

“Hindi mo ba ako ma-mi-miss?” pabirong tanong niya na lang.

Tinawanan siya nito. “Ba’t naman kita ma-mi-miss?”

“Eh, siyempre kaibigan mo ako!” Mokong na ito! Pang-good riddance yata nito ang pagtulong nito sa kanya na makautang, ah! Siyempre, pag wala na siya sa bansa, wala nang kukulit dito ng kung anu-anong pabor.

“Oo na, ma-mi-miss din kita kahit papano,” tila pagsuko nito.

Eto ang gustong-gusto niya sa binata. Madali niya itong nakukulit. Kahit minsan ay napipikon na ito sa kanya ay bumibigay pa rin ito sa huli.

“Kumusta na ang diskarte mo kay Stephanie?” naalala niyang itanong.

Medyo kumulimlim yata ang karakas nito. “Galit pa rin sa akin sa pang-iindiyan ko kuno sa kanya.” Bago pa niya naiiwas ang mukha ay mahina nitong pinitik ang ilong niya. “Kasalanan mo kasi! Umeksena ka sa araw ng date namin!”

“Aba, sisihin ba ako! Ikaw itong mahina diyan! Napakaguwapo mong nilalang, saksakan ka naman ng katorpehan!”

Tumitig ito sa mukha niya. “Ngayon mo lang sinabi sa akin ’yan.”

“Na torpe ka?”

“Na guwapo ako. Madaming nagsasabi sa akin niyan puwera ikaw. Iba pala ang dating kung sa bibig mo mismo manggagaling.”

Itinaas ni Iwa ang noo. “Siyempre, mataas ang standards ko pagdating sa good looks, ’no!”

“Pintasera ka ’ika mo!”

Umingos siya at idinuro ang tinidor sa mukha ng kaharap. “Excuse me! There is a huge difference between pamimintas and honesty. Ako lang ang taong hindi marunong magsinungaling, ’no!”

“So, guwapo talaga ako para sa ’yo?”

Siya naman ang tumitig sa mukha nito. To his dark thick hair na lagi nitong nakakatuwaang ayusin sa iba't ibang paraan gamit ang light wax, his dreamy brown eyes, cute high nose and sensual lips... Heartthrob na heartthrob ang dating ng mokong! Kaya naman maraming babae ang nagkakagusto rito. Well, puwera siya, siyempre.

Okay, aaminin niya, attracted din siya kahit paano kay Jedi. Sino ba namang normal na babae ang hindi maaakit sa hitsura nito? Sa height pa lang nitong almost six feet at machong katawan, ulam na. Susme, idagdag ang guwapitong mukha nito, kumpletos rekados na para sa buong dinner!

Pero hanggang doon na lang iyon, physical attraction. Nunca na magkakagusto siya sa mokong na ito! Siya na yata ang ipinanganak na babaeng walang kainte-interes sa mga lalaki. Dahil iisa lang ang interes ni Iwa sa buhay: ang yumaman. Pero hindi niya alam kung bakit parang ipinagkakait ng tadhana na magkamal siya ng limpak-limpak na salapi. Tumataya naman siya sa lotto lagi.

“Oo, guwapo ka para sa akin!” aniya sa kaibigan. “Kaya ba ewan ko sa 'yo kung bakit ka nagtitiyaga sa paghabol sa Stephanie na iyon! Hindi naman kayo bagay. Ano ba'ng nakita mo sa babaeng iyon?”



Napakapusyaw ng kutis! Saka ang mukha, parang espasol sa kapal ng pulbo! May balak ba siyang maging clown sa peryahan?”

He wrinkled his nose. “Ayan ka naman sa kapipintas mo.”

“Hindi ako namimintas! Nagsasabi lang ako ng totoo. Seriously, ano ba’ng nakita mo sa babaitang iyon?”

Nag-isip ito saglit bago sumagot, “Babaeng-babae siya.”

“Okay, perfect epitome na siguro siya ng kababaihan. But, Jedi, you should try dating other girls, too. Aba’y wala akong nababalitaang ibang babaeng pinupukulan mo ng pansin liban sa Stephanie na ’yan. Virgin ka pa siguro, ’no?”

Kitang-kita niya ang pamumula ng mukha ng binata. Pinigil niya ang mapahagalpak ng tawa.

Inilapit nito ang mukha sa kanya. “Hoy, Liwayway,” mahinang sabi nito. “Huwag mo akong kakantyawawan sa ganyan. Hindi mo alam kung paano magpaligaya ng mga babae ang katawang ito.”

Na-tense yata siya sa sinabi nito, lalo pa’t wala pang isang dangkal ang pagitan ng mga mukha nila.

“Eh... eh, p-paano kasi, parang hindi ka naman nakikipag-date—”

“Iyon ang akala mo. But the fact is, you don’t know everything about my private life, Iwa. *Especially* my sex life.”

Sabagay, hindi talaga sila close na close. Lumalapit lang siya sa lalaki kung may kailangan siya. Malay nga ba niya sa extra-curricular activities nito. Ang alam niya, mahilig mag-bar-hopping ang kalalakihang tauhan nito sa *Crystal Vision*. Baka nga minsan, sumasama rin ito sa mga iyon. She wasn’t sure, though. Ang pagkakakilala niya kasi kay Jedediah Alicante ay may pagka-anti-social and snobbish ito. Nakakatuwaan lang niya itong biruin na torpe, ngunit ang totoo ay isnabero at supladito ito sa mga babaeng naghahabol dito!

Active nga kaya ang night life—okay, sex life nito? Madami yatang magagandang babaeng makikilala sa night-outs na ganoon. At hindi lang mabababang uri ng babae. First class ang bars sa kalapit nilang siyudad. Mapepera lang ang mga nagpupunta.

Itinulak ni Iwa ang noo ni Jedi palayo sa mukha niya. Kitang-kita niya kasi sa periphery ng kanyang paningin na nakakatawag-pansin na sila sa mga taong nasa ibang mesa. Akala yata ng mga ito ay

maghahalikan silang dalawa!

“Utang mo pa rin sa akin ang lahat kaya buhay ka ngayon at nag-e-enjoy sa mga escapades mong ’yan, Jedediah, tandaan mo ’yan!” pangongonsyensya ni Iwa.

“Oo na. Puwede ko ba namang makalimutan ang makasaysayang araw na iyon? Nang may isang salbabida na sumagip sa pagkalunod ko?”

*Salbabida?* Ngayon lang siya nilait ng mokong na ito tungkol sa figure niya, ah! Napikon siguro sa pamimintas niya kay Stephanie nito!

“Well, pasalamat ka’t marunong lumangoy noon ang salbabidang ito, ano!”

Ngumisi ito. Tipong ikinatutuwa ang nakikita nitong pagkapikon niya. Hindi siya likas na pikunin; ang ibang tao ang kadalasang napipikon sa kanya. At lagi niyang naaasar si Jedi, lagi itong gigil sa pagkapikon sa kanya. Natuto na yatang rumesbak! Malakas na ang loob nitong laitin siya ngayon.

“Kahit hindi ka marunong lumangoy ay lulutang ka pa rin. Salbabida nga, hindi ba?” pang-aasar pa nito.

Inirapan niya ito. Nakasimangot na ipinagpatuloy

niya ang pagkain.

Pinisil nito ang pisngi niya. And she hated it pag ginagawa nito iyon. Pakiramdam niya, karne ng baboy o manok ang pisngi niya at pinipisil-pisil.

“Pikon! Para nagbibiro lang,” tumatawang pang-aalo nito. Hindi niya ito kinibo. Sumeryoso ito. “Sorry na.”

“Suhulan mo muna ako,” maktol niya.

Tumawa ito. “I know you’d say that. Okay, ako na’ng magbabayad ng mga kinain natin.”

Ang lapad ng ngiti niya—ngiti ng tagumpay.

---

Sa kabila ng pag-aalala ni Aling Flora ay nakaalis nga sa bansa si Iwa para magtrabaho sa Taiwan. Ngunit wala pa siyang isang buwan doon ay gusto na niyang mag-alsa-balutan at mag-return of the comeback sa Pilipinas.

Gabi ang shift niya. May libre silang tirahan ngunit anim silang nagsisiksikan sa iisang kuwarto. Libre nga ang pagkain ngunit pare-parehong menu ang inihahain sa kanila. Pulos gisado! At gusto na niyang masuka sa mga pagkaing iyon. But what could she do? Alangan namang bumili siya ng pagkain sa

labas, pagkamahal-mahal lahat ng bilingin sa bansang kinaroroonan niya ngayon! Kung gagastuhin niya naman ang sahod sa pagkain, malaking kabawasan iyon sa iipunin niya.

Hindi niya yata ma-imagine na tatagal siya ng apat na taon sa trabahong ito! Pero hindi siya dapat sumuko. Malaki ang nahiram niya sa lending company. At matindi talaga ang kagustuhan niyang ipagpatayo ng restaurant ang kanyang ina. Okay, ibababa niya nang kaunti ang pangarap sakaling magkaaberya, kung di man restaurant ay at least karinderya ang maipatayo niya.

Inis na tinakpan niya ng unan ang tainga nang mag-umpisang maghilik ang kasamahan niyang natutulog sa pang-taas na kama ng double deck na tinutulugan niya. Parang tunog talaga ng generator ang hilik nito! What, apat na taon din siyang magtitiis kasama ito sa iisang kuwarto?

Naknamputsa!

# 3

Lulugo-lugong kumatok si Iwa sa kanilang bahay isang gabi. Hindi na siya nagpasundo pa sa airport. Hindi rin niya ipinamalita sa pamilya ang di-inaasahang pag-uwi sa Pilipinas. Ayaw niyang mag-alala pa ang kanyang ina at mas lalong ayaw niyang ma-disappoint ito sa kanya.

Pero ano ang magagawa niya? Nagsara ang factory na pinagtatrabahuhan niya. Economic crisis daw. Ni wala silang separation pay na natanggap. Buti na lang sinagot kahit paano ang kanilang plane tickets.

“Lidayway, anak, ikaw ba ’yan?” gulat at nagtatakang tanong ng kanyang ina nang mapagbuksan siya nito ng pinto.

“Oho, Nay,” sagot niya at yumakap dito.

Napaiyak si Aling Flora. “Anak, ano’ng...? Bakit ka nandito?” Humiwalay ito saglit, tiningnan ang kabuuan niya. Lumakas ang pag-iyak nito. “Lidayway! Ano ba’ng nangyari sa iyo sa Taiwan, anak? Inabuso ka ba? Bakit ang payat mo na?”

Ang napipinto niyang pag-iyak ay napalitan ng

tawa.

“Ginutom ka ba nila, anak? Mga lecheng—”

“Nanay!” putol niya sa pagngawa nito. “Pumayat ho ako kasi kokonti ang kinakain ko doon. Hindi naman sa ginutom nila ako, kaso halos pare-pareho kasing putahe ang inihahain sa amin, ’kakasawa na, so, kokonti lang kinakain ko. Kaya heto!”

Ang laki nga ng ipinayat niya. Kinailangan niyang bumili ng mga bagong damit dahil lahat ay naging maluwag na sa kanya.

Hinila na siya ng ina sa loob ng bahay dahil nagsisiusyuso na sa kanila ang mga tao sa buong compound nila. Ipinaliwanag niya rito at sa kapatid ang nangyari sa kanya sa Taiwan habang kumakain siya ng hapunan.

“Ayos lang ’yun, anak. Ang importante, ’andito ka na at hindi ka napahamak doon.”

Napatigil siya sa pagnguya. “Nay, ang pambayad lang ho sa lending company ang perang naiuwi ko.”

“O, eh, maano ba? Di bayaran mo na sila para wala ka nang problema.”

Napatingin siya sa kapatid na tahimik lamang na nakikinig sa kanila.

“Okay lang, Ate. Willing akong tumigil na sa pag-aaral,” nakangiti nitong sabi.

“Uni, ga-graduate ka na next year. Hindi kita mapapayagang tumigil sa pag-aaral.”

“Pero saan tayo kukuha ng pang-tuition ko? Ng daily allowance? Buti sana kung nakakuha ako ng scholarship pero hindi mo ako kasing-talino, Ate Iwa.”

“Hindi ka titigil sa pag-aaral. Maghahanap agad ako ng trabaho dito, okay?” she assured her sister.

Gagawin niya ang lahat para hindi mauwi sa abo ang pangarap nilang mag-iina.

---

Ngunit isang buwan na ang lumipas ay wala pa ring mahanap na trabaho si Iwa. Wala namang bakante sa munisipyo ngayon. Balik uli siya sa pagiging direct seller ng *Avon* at *Natasha*.

Ngunit kailan pa siya makakaipon ng pera para sa gusto niyang ipatayong karinderya? Karinderya na nga lang, bakit ang hirap pa ring isakatuparan iyon?

Hard work daw is the key to success. Pero ilang taon na siyang nagsisipag sa trabaho, bakit wala pa ring nangyayari sa buhay niya?



Luck. Iyon ang wala siya. Dahil iyon lamang ang nakikita niyang rason kung bakit may mga taong nakakaangat sa buhay. Masusuwerte ang mga iyon. They were at the right place at the right time, samahan pa ng sipag sa trabaho. Sa kaso niya, ang huli lang ang pinanghahawakan niya, wala siyang suwerte sa buhay.

Isang mahaba pa sa *San Juanico Bridge* na buntong-hininga ang pinakawalan ni Iwa saka sumipsip sa straw ng iniinom niyang black gulaman. Nasa loob siya ng food court ng mall, galing sa pangunguha ng orders ng kanyang mga pinapautangan.

Nang mamataan niya si Jedi sa di-kalayuan, may bitbit itong shopping bag. Napailing siya. Buti pa ito, pa-shopping-shopping lang.

Mahigit two years na rin palang hindi niya nakita ang kaibigan. Ni wala silang naging communication sa isa't isa. Last text na natatandaan niya na ipinadala nito sa kanya ay ang reminder nito sa perang inutang niya sa lending company.

Mokong talaga! Ang akala yata ay ipapahamak niya ito sa pagga-guarantor nito sa kanya.

Hanggang sa mapansin na rin siya nito. At first, ilang beses yatang nagpakurap-kurap ang mga mata

nito. Hindi yata siya nakilala kaagad. Nagpasya siyang ngitian ito at kawayan.

Pero alanganin yata ang ngiti na iginanti nito sa kanya. At tila ayaw nitong lumapit sa kinaroroonan niya.

*Isnabero!* Napaingos siya. Tila hindi man lang yata siya nito na-miss kahit kaunti. Samantalang siya, para siyang timang minsan sa kaiisip kung kumusta na ba ito.

Nakahiyaan lang niyang mag-text o tumawag.

Napasimangot siyang ibinalik ang tingin sa kinakaing kikiam at squidballs.

Ngunit ilang saglit ang lumipas nang may isang matangkad na lalaking umupo sa kanyang tabi.

“Hey!” Si Jedi. “Sorry, di kita nakilala agad.”

Hindi siya tumingin dito. “Talaga lang, ha?”

“Ang laki ng ipinayat mo. Saka nagpahaba ka pala ng buhok.” Bahagya pa nitong hinaplos ang buhok niyang lampas-balikat.

Isang beses lang niyang na-afford magpagupit sa Taiwan. Kaya naman humaba nang di-oras ang datirati ay maikli niyang buhok. Ayaw na ayaw niyang

magpahaba ng buhok dahil high maintenance iyon para sa kanya. Aksaya na sa shampoo at conditioner, kailangan pang suklayin at ayusin lagi. Samantalang iyong pixie cut niyang buhok dati, wash and wear lang, okay na kahit hindi niya suklayin. Pero mas pretty pala siya pag long hair.

“Ang sabihin mo, hindi ka masaya kasi nagbalik na naman ang kaibigan mong wala nang ginawa kundi kulitin ka!” hinampo pa rin niya.

Tumawa ito. “Actually, tama ka.”

Inirapan niya ito saka gigil na tumusok ng isang squidball na lumalangoy sa hot sauce. Sa gulat niya ay hinawakan ni Jedi ang kamay niyang may tangan sa tinusok na squidball.

“Pahingi,” anito saka isinubo iyon.

“Kumakain ka pala niyan.” Pero naknamputsa naman! Nakulangan tuloy ang lafang niya! Lunch pa naman niya ang kakaunting in-order niyang pagkain.

Napaubo naman ito sa anhang siguro ng sauce.

*Buti nga!*

Pero dagling naunsiyami ang binabalak niyang pagtawa nang sunggaban ng lalaki ang kanyang black gulaman at ininom lahat ng likidong laman niyon.

Hindi nito alintana na gamit ang straw na nalawayan na niya. Napanganga si Iwa nang makitang mga itim na gulaman na lamang ang natitira sa baso.

“Ba’t di mo sinabing maanghang pala?” reklamo nito pagkatapos.

“Aba’t...! Ikaw itong parang patay-gutom na lumusob sa pananghalian ko. Ni hindi man lang ako nakapiyok!”

Hindi ito makapaniwala sa narinig. “This is your lunch?”

“Obvious ba?” Ipinarada niya sa mukha nito ang kanyang digital wristwatch na nagsasabing eleven forty-five na.

Na-guilty yata ang mokong. “Okay, c’mon. Let’s eat somewhere else,” yaya nito.

Nagbunyi naman siya sa loob-loob.

“Wala ka bang date ngayon?” tanong niya habang naglalakad sila sa patungo sa isang mamahaling restaurant sa loob ng mall.

“Wala.”

“Kumusta na kayo ni Stephanie?” naisipan niyang itanong.

“Anong kami? Kelan ba naging kami ni Stephanie?”

Ay, *bitter!* “I thought you were trying to date her.”

“Noon. Kaso naunahan na naman ako ng iba.”

“May boyfriend na siya ulit?” Pinigil niya ang mangantyaw. Ililibre siya nito ng mamahaling lunch. Sayang din iyon kung mauunsyami!

“Yeah,” malungkot na sagot nito.

He was frowning when she looked at his face. At ngayon lang niya napansin, maganda pala ang hugis ng lips ng kaibigan niya. Hindi tulad ng ibang kalalakihang maninipis ang labi, Jedi’s lips were slightly full and they looked soft. Sexy. Ano kaya ang lasa ng mga iyon?

*Gaga!* mura niya sa sarili. Nawala lang siya ng two years sa Pilipinas and all of a sudden ay gusto niyang malasahan ang lips ng kaibigan niya? Fine, matagal na siyang naguguwapuhan dito pero kailan pa niya inilusyong mahalikan nito?

Sinikap niyang maging sincere ang boses nang magsalita siya. “Marami pa namang ibang girls diyan, Jedi. Siguro hindi lang talaga kayo para sa isa’t isa,” pag-console niya rito.

“Siya lang ang gusto ko.”

Inabutan ni Aling Flora na nagdadabog sa loob ng kuwarto si Iwa. Nagkalat ang mga resibo sa kama at sahig, pati na mga products ng *Avon* at *Natasha*.

“Ano ba’ng nangyayari sa ’yo, Liwayway?” nagtatakang tanong ng ina.

Padabog niyang ibinagsak ang pang-upo sa kama. Nakalimutan niyang hindi pala kutson iyon, nalamog pa yata ang puwit niya! “Kasi ho, andami ko na namang overdue sa mga pautang ko! Nakakainis! Ang lalakas ng loob na um-order, wala naman palang pambayad!”

“Sinabi ko na kasi sa ’yo na hindi magandang pagkakitaan ’yang direct selling na ’yan. Lalo pa’t nagpapautang ka sa barangay lang naman natin.”

Tama nga ito. At least, noong nasa munisipyo pa siya nagtatrabaho, tuwing suweldo ay nababayaran siya ng mga napapautangan niya roon. Ngayon, mayroon nang ibang empleyado roon ang involved na rin sa direct selling kaya around the barangay na lamang siya rumaraket.

“Nay, ano ho ang puwede kong gawing

pagkakitaan? Wala naman akong puwedeng ipuhunan sa negosyo, kahit maliit na karinderya o babuyan man lang.”

Malungkot na umupo ito sa tabi niya. “Sorry, anak. Hindi mo dapat dinaranas ang lahat ng ito.”

“Bakit naman ho kayo nag-so-sorry, Nay? Wala ho kayong kasalanan. Malas lang ho talaga ako sa pera.”

Ipinaling niya ang tingin sa labas ng bintana. Ayaw niyang tingnan ang malumbay na mukha ni Aling Flora. It always broke her heart seeing her mother like this. Naging malulungkutin na ito mula nang mamatay ang kanyang ama. Naroroon pa rin ang pagiging jolly nito na namana niya, ngunit mas nangingibabaw ang lungkot sa aura nito. Ngayong nagbalik siya sa Pilipinas, mas madalas na yata niyang makitang malungkot ang ina kaysa noon. And that was hurting her so much. Gusto niyang pasayahin ito. Iyon ang misyon niya sa buhay.

Mayamaya ay huminga ito nang malalim saka hinawakan ang kanyang kamay. “Anak, panahon na siguro para sabihin ko ito sa ’yo.”

Napatingin siya rito. Ibang level ang pagkaseryoso ng mukha nito ngayon. “A-ano ho ’yun?”

Tila nag-aalanganin naman ito. “Liwayway,

kasi...” Huminga ito nang malalim. “Hindi ka dapat naririto, anak, hindi ito ang mundong dapat ay kinalakhan mo.”

Mabilis na gumana ang utak niya. “Ampon n’yo ho ako?”

“Lukaret!” Napatawa tuloy ito nang di-oras.

Napakamot siya sa ulo. “Eh, ano nga ho ’yun? Hindi ako mahilig sa suspense, Nay.”

“Anak kita sa ibang lalaki,” derechong sabi nito.

Muntik na siyang mahulog sa kama. Napabitaw siya sa kamay nito. “A-ano ho?”

“Tama ang narinig mo, Liwayway. Magkaiba kayo ng ama ni Luningning.”

“Anak n’yo ako sa labas?” nanlalaki ang mga matang naibulalas ng dalaga.

“Lukaret ka talaga! Pagbintangan ba akong nangangaliwa! Siyempre hindi, ano!”

“Ang labo n’yo naman ho kasi! Magpaliwanag kayo nang maayos.”

“Bago kami ikasal ng iyong ama, nabuntis ako ng anak ng amo ko noon.”



“I-iyon hong mayamang pamilya sa San Felipe kung saan kayo naging cook noon?”

Tumango ito. “Nakalimot kami isang gabi. At ikaw nga ang bunga niyon. Umalis ako sa bahay nila nang makumpirma kong buntis ako. Kasalukuyan namang nanliligaw sa akin noon si Romualdo. Sinabi ko sa kanya ang kalagayan ko at walang abog na niyaya niya akong pakasal agad. Isinilang kita mahigit pitong buwan matapos kaming ikasal. Ang alam ng lahat, nabuntis ako ni Romualdo kaya kami ikinasal.”

Pinakawalan na ni Iwa ang pigil-pigil niyang hininga.

Hindi niya alam ang unang sasabihin.

“Patawarin mo ako, anak, at hindi ko noon ipinagtapat ang lahat sa ’yo. Ayaw ko lang kasing guluhin pa ang buhay ni Joe—ang tunay mong ama. At mas lalong ayokong bigyan ng kahihiyang ang mga magulang ko noon.”

“P-pero... Nay, bakit ngayon n’yo lang sinabi sa akin? Matagal nang namatay sina Lolo at Lola. Wala na kayong mabibigyan pa ng kahihiyang.”

“Gusto ko lang nasa maayos ang lahat, anak. Inakala kong ang patuloy na paglilihim sa ’yo ang kasagutan. Pero sa nakikita kong pagdurusa mo sa

buhay na bigay namin sa iyo ni Romualdo’y natanto kong kasalanan ko kung bakit ka naghihirap ngayon. Dapat ay ipinakilala kita sa iyong tunay na ama. Mabait si Joe, alam kong tatanggapin ka niya nang buong-puso, palalakihin sa ginhawa.”

Napalunok siya. Mayaman ang kanyang tunay na ama? *Wow, parang telenovela!*

“Nanay, wala ho kayong kasalanan. Ginawa n’yo lang naman ang inakala n’yong makakabuti sa akin. Saka wala ho akong hinanakit sa inyo ni Tatay. Hindi n’yo ako ginutom, pinag-aral n’yo ako hanggang kolehiyo. Naging mabuti ho kayong magulang sa akin.”

Matagal na nagyakapan ang mag-ina.

“Uhm... Nay, ano ho’ng kompletong pangalan ng tunay kong ama?” nais malaman ng dalaga.

Kumalas ito mula sa pagkakayakap sa kanya.

“Joselito Gerona. A-ang balita ko’y namatay siya sa isang aksidente apat na taon na ang nakalilipas.”

“Patay no ho ang tunay kong ama?” dismayadong bulalas ni Iwa. Ang lungkot naman ng kapalaran niya. Ni hindi niya nakilala ang lalaking nagbigay ng buhay sa kanya sa sinapupunan ni Aling Flora.

Malungkot itong tumango.

“May mga kapatid ho ba ako sa kanya?”

“Wala. Hindi nag-asawa si Joe. At wala rin akong balitang may naanakan siyang babae bukod sa akin.”

Muli ay mabilis na gumana ang kanyang utak.

Mayaman ang mga Gerona. Nag-iisa siyang anak ni Joe at patay na ito. Kung ganoon, siya ang nag-iisang tagapagmana ng naiwan nitong kayamanan!

Aba, kailangang kumilos kaagad! May karapatan siya sa kung anumang naiwang ari-arian o pera ng tunay na ama.